

# MAIKLING IMPORMASYON

## GOLDFISH




**Maaaring maging invasive ang karaniwang species sa aquarium at pond kung ilalagay ang mga ito sa wild. Kapag pinakawalan ang mga ito, maaaring makipagkumpitensya ang species na ito sa native species para sa pagkain at tirahan.**

## HUWAG ITONG PAKAWALAN!

Narito kung paano ka makakatulong na pigilan ang pagkalat ng Goldfish at iba pang karaniwang species sa aquarium:

1. **Pigilan ang pagkalat!** Huwag maglilipat ng tubig, mga halaman, at hayop, patay man o buhay, mula sa aquarium o domestic pond sa mga anyong tubig.
2. **Mag-C.A.R.E.!** Mangakong Makipag-ugnayan (**C**ontact) sa isang tao para ampunin ang alagang hayop o halaman mo, o isauli ang mga ito sa store, Kumilos (**A**ct) nang responsable sa pamamagitan ng pag-research bago mag-ampon, Iulat (**R**eport) ang anumang naturang species sa EDDmapS, at Wakasan (**E**nd) ang pagmamay-ari sa pamamagitan ng paglilibing nito para maiwasan ang paghawa ng sakit o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa isang veterinarian.
3. **Iulat!** Kung may makikita kang Goldfish, iulat ito sa EDDMapS app, o tumawag sa 1-855-336-BOAT (2628).
4. **Alamin ang batas!** Sa Alberta, illegal ang gumamit ng buhay na pain at maglipat ng isda sa pagitan ng mga anyong tubig. Ang mga parusa para sa illegal na paglilipat ng isda ay maaaring hanggang \$100,000 at/o isang taon na pagkakakulong.





Goldfish, *Carassius auratus*

## MAIKLING IMPORMASYON TUNGKOL SA GOLDFISH:

- Native ang goldfish sa silangang Asia at ipinakilala ang mga ito bilang pandekorasyon at alagang isda; gayunpaman, pinakawalan ang ilan sa mga pond na gawa ng tao at anyong tubig.
- Natutukoy ang goldfish sa kanilang gintong orange na kulay, pero pwede rin silang maging olive-bronze o silvery-white. Katangian nila ang nakausling bibig at matigas na tinik mula sa dorsal at anal na mga palikpik.
- Kaya nilang mangitlog pagkatapos ng isang taon, mula 500 hanggang 1000 itlog nang hanggang 3 beses sa isang taon. Nabubuhay sila nang hanggang 40 taon.
- Ang goldfish ay generalist species at kayang mabuhay sa maraming iba't ibang kondisyon ng kapaligiran, tulad ng napakalabo at eutrophic na tubig na may kakaunti o walang oxygen. Kapag hindi sila nalilimitahan sa mga tangke nila, kaya nilang lumaki nang husto (kasinglaki ng football o platol).
- Maaaring maaapektuhan ng goldfish ang mga native na populasyon, tirahan, at availability ng pagkain ng isda sa pamamagitan ng kumpetisyon at predasyon. Maaari din silang magdala ng mga naturang viral, bacterial, at parasitic na pathogen ng isda.
- Maaaring maaapektuhan ng mga infestation ng goldfish ang kalidad ng isda sa pamamagitan ng lalong pagpapalabo ng tubig dahil sa kanilang gawi sa pagkain, at maaaring lumaki ang panganib ng mga algal bloom dahil sa pagtubo ng cyanobacteria sa kanilang mga bituka.
- Mahirap kontrolin ang goldfish kapag dumami ang populasyon at nangangailangan ito ng maraming pagsisikap. Kabilang sa mga paraan para sa pagkontrol o pagpuksa ng mga sinanay na tauhan ang drawdown, netting, at mga kemikal na treatment sa tubig.
- Laganap ang goldfish sa Alberta nang may 100 nalalamang lokasyon, at ang ilan ay kasinghilaga ng Fort McMurray.

**PARA SA IBA PANG IMPOS MAYON, BISITAHIN ANG  
ABINVASIVES.CA**

